

Makipag-ugnay sa paraan ng pagrehistro ng email (pagpaparehistro ng magulang)  
Ihanda ang kopya ng ID na ipinamahagi mula sa paaralan. Maaari kang magparehistro gamit ang iyong mobile phone, smartphone o computer.

\* Ang ID ay iba-iba sa bawat paaralan.

1: Gumawa at magpadala ng blankong mail

Mula sa iyong mobile phone/smartphone/PC na nais mong irehistro, lumikha/gumawa ng isang bagong mail at ipasok ang email address sa ibaba upang magpadala ng [walang laman na email].

[touroku@education.ne.jp]

※ Para sa mga modelo ng mobile phone(iphone) na hindi maaaring magpadala ng mga blankong email, ipasok ang mga character sa paksa o teksto at ipadala.

(Sa mobile phone, maaari kang lumikha ng isang blankong email na nasa right side sa pamamagitan ng paggamit ng barcode reader.

2. Tumanggap/pagtanggap ng email reply para sa pagpaparehistro (kasama ang URL)

Kung nagpadala ka ng isang blankong email, makakatanggap ka nng isang email para sa pagpaparehistro.

\*Kung hindi mo natanggap ang email sa pagparehistro pagkatapos ng 10 minuto Kailangan mong baguhin ang iyong proteksyong ng spam setting sa mobile phone. Huwag kanselahin ang setting pagkatapos ng pagparehistro.

① Magdagdag ng [renraku@education.ne.jp] sa listahan ng [intended recipient]

② Allow/payagan ang pagtanggap ng email gamit ang URL

\*Ang mga detalyadong setting para sa proteksyong ng spam ay naiiba depende sa modelo, kung may hindi naintindihan,mangyaring makipag-ugnayan sa iyong mobile shop.

3. I-access ang URL

I-click ang URL sa email sa iyong natanggap upang ma-access ang screen sa pagrehistro.

4. Kumpirmasyon ng e-mail address • pagrehistro ng magulang(1/6)

Kumpirmahin ang email address kung tama ito, at pagkatapos ay pindutin ang [Next] (3-2)

5. Ipasok ang pangunahing impormasyon \* pagrehistro ng magulang (2/6) (3-3)

① Ipasok ang pangalan ng magulang (ipasok ang pangalan ng tao)

• Ipasok ang pangalan ng may-ari ng e-mail address.

② Ipasok ang password na nais mong itakda

• Itakda ang password na may apat hanggang 20 character na alphanumeric.

Hindi ka maaaring gumapit ng mga simbolo tulad ng mga tuldok at hyphens.

③ Press [Next]

6. Pag-input ng ID ng paaralan at bilang/ilan ang anak • pagrehistro ng magulang(3/6)

① Ipasok ang 「School Authentication ID」 na ipinamahagi/ibinigay ng paaralan.

(4 na numero-4 na numero)

② Ilagay ang bilang ng anak na papasok sa paaralan. (Larawan 3-4)

※ Ex. Sa kaso ng may dalawang batang nag aaral sa Grade 2 At Grade 5 Elementary School ilagay ang [2]

※ Para sa mga guro at lokal na tao maaring pumili o ilagay ang [0] upang mag parehistro.

③ Press [Next]

7. Ipasok ang impormasyon ng bata • pagrehistro ng magulang(4/6)

① Ipasok ang 「pangalan ng bata」. (Larawan 3-5)

② Ipasok ang kaugnayan (relasyon) sa bata upang mairehistro.

Isulat/ipasok ito upang mabilis makumpirma ng paaralan, tulad ng Ina, Ama, Lolo, Lola atbp.

③ Kung nakalagay ang Grade at Class, ilagay ang Grade at Class ng bata.

※ Kung walang nakalagay na Grade at Class, ipasok/isulat lamang ang buong pangalan.

④ Press [Next]

※ Kung meron kang higit sa dalawang anak, ulitin ang screen na ito para sa bawat persona/tao.

8. Ipasok ang impormasyon ng grupo (pangkat) • pagrehistro ng magulang(5/6)

① Suriin ang [grupo/pangkat] nakasama. (Larawan 3-6)

Ang monitor/screen na ito ay hindi lilitaw kung ang paaralan ay hindi gumagamit ng mga pangkat. Kung lalagyan mo ng check sa pangkat/group, makakatanggap ka ng isang contact email para sa pangkat.

② Press [Next]

9. Ang pagkumpirma ng impormasyon ng pagpaparehistro at aplikasyon para sa pagpaparehistro • pagrehistro ng magulang(6/6)

Kapag napasok na ang lahat ng impormasyon, lalabas/ipapakita sa screen/monitor ang kumpirmasyon. (Larawan 3-7)

Kung walang problema sa mga rehistradong nilalaman, i-click ang [Mag-apply].

10. Nakumpleto ang application sa pagrehistro ng magulang

\* Tinanggap ang application . Ipapakita at makakatanggap ka kaagad ng isang email sa pagkumpleto ng pagrehistro.

O Kung hindi mo agad natanggap ang email sa pagkumpleto ng pagpaparehistro, makakatanggap ka ng email sa pagkumpleto ng pagrehistro pagkatapos ng proseso ng [pag-apuba] ng paaralan. Mangyaring makipaug-ugnayan sa paaralan tungkol sa pagproseso ng pag-apruba.

~Paalala~

※Mangyaring huwag baguhin ang email address hanggang sa matanggap mo ang email sa pagkumpleto ng pagrehistro.

※Mangyaring huwag bahugin ang mga setting ng junk e-mail pagkatapos ng pagrehistro. Makukumpleto ang pagrehistro kapag natanggap mo ang email na [Pagpapatunay ng Pagparehistro]

\*Hindi ka maaaring mag-log-in hanggang sa matanggap mo ang email sa pagkumpleto ng pagrehistro.\*

Nakalimutan ang Password sa pag log-in

Ang [Password] ng contact email ay maaring maipadala sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang blankong email at maipadala muli sa nakarehistrong email address ayon sa pamamaraan para sa pagpaparehistro ng magulang.

- ① Magpadala ng isang blankong e-mail sa [touroku@education.ne.jp]
- ② I-access ang URL na inilarawan sa email ng pagrehistro.
- ③ Pindutin ang [Resend password] (Larawan 3-8)
- ④ Ang isang password ay ipapadala sa iyong nakarehistrong email address sa pamamagitan ng email.

※Mag-ingat※

Kung hindi mo magamit ang rehistradong email address, hindi mo makukumpirma ang password. Sa kasong ito, kailangan mo muling magparehistro sa iyong bagong email address.

Kung nais mong baguhin ang rehistradong e-mail address

Magsagawa mula sa mobile phone ng rehistradong email address.

- ① Magpadala ng isang blankong email sa [touroku@education.ne.jp]
- ② I-access ang URL na inilarawan sa e-mail sa pagrehistro.
- ③ Pindutin ang [Baguhin ang e-mail address]. (Larawan 3-2,3-9)
- ④ Lumikha at magpadala ng isang blankong email para sa pagbabago ng email.
- ⑤ I-access ang URL na inilarawan sa pagbabago ng email.
- ⑥ Ipasok ang 「Dating email address」 at [ Log-in password]
- ⑦ Pindutin ang 「Baguhin」

※ Kung hindi mo lam ang password na iyong itinakda, hindi mo maaaring baguhin ito, kaya kailangan mo muling magrehistro ng isang bagong email address.

Kung nais i-kansela/itigil ang pag hahatid ng email o lilipat ng ibnag paaralan.

- ① I-access ang pahina ng pag-log-in ng magulang sa sumusunod na URL
- ② Mag-log-in gamit ang rehistradong email address at paaword sap ag log-in.
- ③ Pindutin ang [setting ng magulang]
- ④ Pindutin ang 「delete account」 larawan 3-10)

Kung nais makatangap ng email ang pamilya

Kung ang pamilya (Ama, Ina, Lolo, Lola) na nais na makataggap ng email, magparehistro sa bawat e-mail address na nais makatanggap at irehistro cellphone. Tingnan ang pahina 19 para sa paraan ng pagparehistro. Kapag nagrehistro bilang pamilya, ipasok ang pangalan at relasyon sa bata para madaling maunawaan ng paaralan. (Ama, Ina, Lolo , Lola atbp.)